

PN^{o}. 3081215

Dekreto

Pagbati ng kapayapaan at pagpapala!

"Ang pagpapatawad ng Diyos ay walang hangganan. Sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesukristo, isinkwalat ng Diyos ang kanyang pag-ibig at ang kapangyarihan nitong wasakin ang pagkakasala ng tao. Ang pekikiyagkasunde sa Diyos ay pinaging-ganap sa pamamagitan ng kanyang misterye paskwal at ng Simbahan. Kung kaya't, ang Diyos ay laging handang magpatawad, at hindi siya napapaged na magpatawad sa paraang bago at kamangha-mangha" (Misericordiae Vultus, 22) Si Hesus ang mukha ng awa ng Diyos. Sa kanyang kamatayan, dinanas niya ang ating kamatayan upang sa kanyang pagkabuhay ay matamasa natin ang buhay na walang hanggan. Ito ang dahilan ng ating pagpasok sa Hubileye ng Taon ng Awa.

Kung kaya't. Ako, Lubhang Kagalang-galang **Buenaventura M. Famadico, D.D.**, na se bigaya ng Diyos at ng Sede Apostolica, Obispo ng San Pablo, bilang pagsuned sa panuto ng Kanyang Kabanalan **Papa Francisco**, ay nag-uutos na ang **Pang-Diyosesis na Dambana ni Hesus na nasa Banal na Libingan** ay mutakda bilang Simbahang pang-Hubileye para sa Taon ng Awa. Kaugnay nito, marin gal na bubuksan ang **Pintuan ng Awa** mula sa arew ng ito hanggang sa ika-20 ng Nobyembre 2016, Dakilang Kapistahan ni Kristong Hari. Ang Pintuan ng Awa ay magsisibing paalala ng pagbubalik-loob at pagtaliked sa kasalanan, "na sinumang pumasok dito ay makararanas ng pag-ibig ng Diyos na siyang nagbibigay kaalhwan, nagpapatawad at nagkikintal ng pag-asa" (Misericordiae Vultus, 1).

Bilang patunay dito, nilalagdaan ko ang dekretong ito at ipinag-uutos na tatakan ito ng aking personal na escudo.

Pang-Diyosesis na Dambana ni Hesus na nasa Banal na Libingan, Landayan, Lungsod ng San Pedro, Laguna, ika-4 ng Disyembre sa taon ng ating Pangioon 2015.

† B. Famadico

† BUENAVENTURA M. FAMADICO, DD
Obispo ng San Pablo

Sa utos ng Lubhang Kagalang-galang na Obispo:

RDO. P. FRANCIS EUGENE A. FADUL, STHI,
Kansilyer